Mayo 14, 2021

Sa Aming D63 na Mga Pamilya:

Habang napapalapit na kami sa pagtatapos ng natatangi at mapaghamong taon ng pag-aaral, alam namin na ang mga magulang ay may mga katanungan tungkol sa kung paano isasagawa ang mga pag-aaral sa aming Distrito sa loob ng 2021-2022 taon. Narito ang alam namin ngayon; syempre, tulad ng natutunan nating lahat sa nakaraang taon, ang mga pangyayari ay puwedeng mabago nang mabilis.

- Sa oras na ito, **nanawagan ang mga plano para sa lahat ng mga paaralan na bumalik sa normal na iskedyul - sa buong kapasidad**. Ang lahat ng mga mag-aaral sa mga antas na K-8 ay papasok sa paaralan ng isang buong araw sa bawat araw ng klase at ang mga preschooler ay dadalo sa kanilang personal na iskedyul na kalahating araw maliban kung may karapatan sila sa ilalim ng mga patakaran ng Lupon ng Estado na manatili sa malayuang pag-aaral.

- **UPDATE HANGGANG Hunyo 1, 2021:** Noong huling linggo ng Mayo, ang Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Illinois (Illinois State Board of Education) ay binago at pinaliit ang mga alituntunin nito tungkol sa kwalipikasyon para sa malayuang pag-aaral. Sa ilalim ng bagong iminungkahing mga alituntunin, ang simpleng pagkakaroon lamang ng batayan ng kondisyong medikal ay hindi kwalipikado sa isang mag-aaral para sa malayuang pag-aaral. Ang nakabinbin na pag-apruba ng Tagapangasiwa ng Estado (State Superintendent), Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Illinois (Illinois State Board of Education) ng mga bagong alituntunin ay naglalaman ng mga sumusunod:

  ". . . ang malayuang pagtuturo ay maaaring gawing available para sa mga mag-aaral na hindi kwalipikado para sa isang bakuna laban sa COVID-19 at nasa ilalim ng isang utos ng pag-quarantine ng isang lokal na kagawaran ng kalusugan publiko o ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Illinois (Illinois Department of Public Health)."

  Bilang karagdagan, sa ilalim ng mga bagong patnubay na ito, ang isang mag-aaral na may kapamilya na hindi kwalipikado para sa isang bakuna at sa ilalim ng isang utos ng pag-quarantine ay magiging dahil upang maging hindi kwalipikado ang mag-aaral na iyon para sa malayuang pag-aaral.

- **Ang mga protokol sa pangkalusugan at pangkaligtasan tulad ng pagdistansya sa panlipunan at pagsusuot ng mga mask ay maaaring isagawa parin sa susunod na taon ng pag-aaral.** Ang higit pang impormasyon ay magiging available kapag magsisimula na ang taon ng pasukan; tulad ng nakagawian, ang Distrito ay gagabayan ng Kagawaran ng Pangkalahatang Kalusugan ng Illinois at ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Cook County.

Ang mga bakuna sa COVID ay malawak na available na ngayon - at ang **bakunang Pfizer ay naaprubahan na ngayon para sa mga batang may edad 12-15.** Malamang na ang mga bakuna rin para sa mas bata ay maaprubahan nang maaga sa taglagas. Para sa mga kadahilanang ito, umaasa kami na maaari naming ligtas - at ganap na - muling mabuksan ang aming mga paaralan sa Agosto 16. **Hinihikayat namin ang lahat ng aming mga magulang na D63 at kwalepikadong mag-aaral na mabakunahan sa lalong madaling panahon. Ito ang**

pinakamahusay na paraan upang matulungan kang panatilihing ligtas at malusog, ang iyong pamilya, ang ating mga paaralan.

Abangan sa buong tag-araw para sa mga update at karagdagang impormasyon tungkol sa darating na taon ng pag-aaral. Nais namin sa iyo ang mapayapa at kahanga-hangang tag-init at inaasahan ang pagtanggap sa lahat ng aming mga mag-aaral noong Agosto.

Taos-puso,

Dr. Scott Clay
Tagapangasiwa